

# CHAPTER *One*

*D*ahil inatake ng arthritis ang ama ni Bronson na si Mang Danny ay kinailangan niyang mag-substitute dito bilang driver ng pinagtatrabahuhan nitong pamilya Carines. Okay na okay iyon para sa kanya dahil makakalibre siya ng pamasaha pauwi sa kanila sa Caburan ngayong bakasyon na nila sa klase, doon kasi papunta ang amo nila. Samantala, nauna na niyang pinauwi ang kanyang ama sa kanila noong nakaraang linggo pa para makapagpahinga na ito roon.

Palaging ganoon ang set-up nilang mag-ama. Kapag inaatake ito ng sakit nito ay siya ang nagsa-substitute para rito. Napakabait naman ng amo nilang si Rudy Carines. Hinikayat pa nga nito ang

kanyang ama na patirahin siya sa bahay ng mga ito imbes na mag-boarding-house pa raw siya habang nag-aaral. Ito rin ang nag-asikaso para makakuha siya ng driver license. Ibinida kasi ng ama niya rito na mahusay na siyang magmaneho, iyon nga lang ay wala pa siyang lisensya. At magmula nga nang magkaroon siya ng lisensya ay siya na ang nagmamaneho para sa mga ito kapag wala siyang klase.

Magti-third year college na siya sa susunod na pasukan sa kursong BS in Automotive Technology. Pinagsisikapan niya talaga ang pag-aaral dahil ayaw niyang biguin ang kanyang amang siyang nagpapaaral sa kanya.

Halos wala nang matira sa suweldo nito dahil bukod sa pagpapaaral sa kanya ay nagpapadala rin ito kahit kaunti sa pamilya nilang naiwan sa Caburan kung saan nandoon naman ang mga kapatid niyang nasa high school pa. Ayaw siyang payagan ni Mang Danny na maghanap ng part-time job dahil nais nitong mag-concentrate siya sa pag-aaral kaya tinutulungan na lang niya ito sa trabaho. Tumutulong-tulong din siya sa bahay ng mga Carines bilang ganti sa pagkukup ng mga ito sa kanya.

Nasa harap na sila ng bahay ng pinsan ni Rica. Nang bumukas ang pinto ng front seat ay napalingon siya roon at hindi inaasahang mapako ang kanyang tingin sa dalagang kasama ni Rica. Napakaganda kasi nito kahit pa nakapuyod lang paitaas ang buhok at walang bahid ng makeup ang mukha. Makakapal ang kilay at pilik-mata na bumagay sa maamo nitong mga mata. Ang liit naman ng mga labi nitong sadyang mamula-mula na kahit walang bahid ng lipstick. Maamo sana ang kabuuan ng mukha nito kung hindi lang sa mala-aristokrata nitong ilong na nagpasuplada sa itsura nito.

“Siyanga pala, Trix, sa harapan tayong dalawa ha?” ani Rica sa pinsan bago pa man tuluyang sumakay ang dalawa.

“Ha? Bakit?”

Napakamot ito sa batok saka nagpaliwanag, “Eh, nabanggit kasi ni Dad kina Lolo’t Lola na pupunta nga kami ng Caburan. Ayun, gustong sumama at nami-miss na raw nila ang probinsya. So, apat na sila nina Mom and Dad sa likuran ngayon.”

“Ganoon ba?” napabuntong-hiningang tugon ng dalaga.

“O, ano, game ka pa rin ba?”

“Aatras pa ba ako, eh, nandito na ’to? Isa pa,

you know how much I want to have this vacation,” palaban nitong tugon.

“Right.” Nakangising tumango-tango si Rica. “And what Trixie wants, Trixie gets.”

“Ninety-nine point nine percent of the time,” proud na pagsang-ayon ng dalaga. Naghagikgikan pa ang dalawa.

“O, sige na, mauna kang pumasok at mas maliit ka sa ‘kin.”

“Alright! Let’s get it on!” excited na bulalas ng babaeng tinawag na Trixie saka mabilis na pumasok sa sasakyan. Sumunod agad dito si Rica.

Nang marinig ni Bronson ang naging usapan ng magpinsan ay nasiguro niyang malayo nga ito sa pagiging maamo.

*Malayong-malayo...* Idineretso na ang kanyang tingin sa daan at nagmaneho.

Sa buong durasyon ng byahe nila ay tila natulilig ang tainga niya sa kaartehan ni Trixie. Kesyo ang pangit daw ng daan. Malubak. Maputik. Panay reklamo ito na ang tagal daw ng biyahe. Kailan pa raw ba sila darating?

Tahimik na lamang siyang napapailing. *Napaka-spoiled brat talagang kumilos at magsalita.*

Ayaw na ayaw pa naman ni Bronson ng spoiled

na mga tao. Mabuti at hindi ganoon ka-spoiled si Rica na anak ng amo nila kaya nagkakasundo sila nito. Tahimik lang ito kapag nagkakaharap sila at wala iyong problema sa kanya dahil tahimik din siya.

Sa madaling salita ay turned-off siya sa pinsan nito. Numero uno sa listahan ng mga ayaw niya sa kababaihan ang pagka-bratinella. Pero sa inis niya ay hindi naman niya magawang iiwas ang pansin dito. Namamalayan na lang niya ang sariling panaka-nakang sinusulyapan ito. Buti na lang at tila wala itong pakialam sa nagmamaneho dahil kahit isang beses ay hindi man lang napunta sa kanya ang tingin nito.



“At last!” hiyaw ni Trixie nang makababa siya ng sasakyan dahil sa wakas ay nakarating na sila sa bahay ng mga Carines sa Caburan. Pinsan niya si Rica sa mother side. At unang beses pa lang niyang pumunta sa probinsya ng mga ito sa Caburan na lugar ng ama nito.

Nag-unat siya ng katawan pagkaraan. “Ouch...” napapangiwi niyang daing sa naramdamang kirot ng balakang at puwet dahil sa sobrang haba ng oras ng byahe nila.

“Oy Trix, hindi ka pa ba papasok?” untag ni

Rica sa kanya.

“Susunod ako. Mag-stretching lang muna ako saglit. Grabe! Ang sakit ng balakang ko...” Pinagtawanan lang siya ng pinsan saka iniwan na siya roon. “Aray...” mangiyak-ngiyak niyang daing habang iginagalaw-galaw ang baywang. Hindi tulad ni Rica, hindi siya sanay sa ganoon kahabang oras ng byahe.

“Ang arte talaga,” narinig ni Trixie na pabulong na sabi ng dumaang binata sa harap niya.

Napataas tuloy ang kilay niya at nag-init ang bumbunan. Ayaw na ayaw niyang sinasabihan siyang maarte, spoiled, o bratinella dahil alam niyang hindi siya ganoon. Lalo niyang ikinaiinis kapag ganoon agad ang tingin sa kanya ng mga tao kapag nalaman ng mga itong unica hija siya. Para bang iyon ang generic na pag-uugali ng mga unica hija na anak-mayaman, spoiled brat.

“Excuse me?” aniya pero hindi siya pinansin ng binata. Nagdere-deretso lang ito sa paglalakad na tila ba papasok na ito sa bahay ng mga Carines kaya tinawag niya ulit ito. “Hoy, mister!” Saka lang ito tumigil sa paglalakad at humarap sa kanya. Pakiramdam niya ay naging slow-mo iyon dahil sa pagkatigagal niya sa kaguwapuhan nito.

“Yes?” Ang baritono pala ng boses nito kapag normal ang lakas niyon at hindi pabulong.

Sa mabilis na paraan ay nasuri agad ni Trixie ang kabuuan nito. Matangkad ito, maaaring hanggang balikang lang siya nito kung magtatabi sila. At kahit mukhang bata pa ay matikas na ang pangangatawan nito. Mas lalo rin itong naging brusko tingnan dahil sa crew-cut nitong buhok. Pero nang dumako ang tingin niya sa mga mata ay tila naguluhan siya sa una niyang impresyong iyon dahil kay amo ng mga mata nitong nalalambungan ng malalantik na pilik-mata.

Mayamaya pa ay napansin niyang kumunot ang noo ng kahasap. Natauhan tuloy siya sa ginagawang panunuri sa pisikal nitong anyo. She cleared her throat. Hindi siya dapat magpadala sa kaguwapuhan nito.

“What did you say earlier?” she confidently asked. Mabilis niyang naibalik ang composure. Isa iyon sa mga katangian niya. Kahit sa anong pagkakataon ay parati niyang napananatili ang kanyang composure o kung hindi man ay mabilis niyang mabawi iyon. Because she was Trixie Marie Castrano, the only daughter of Edwin and Freda Castrano, na nagmamay-ari ng *Castrano Co.*

“Wala naman,” kaswal na sagot ng binata na

ikinainis niya nang bahagya. Tila balewala kasi rito ang taglay niyang ganda at hindi siya sanay roon. She had the kind of beauty that deserved a second glance, if not more.

“C’mon, don’t lie to me because I heard you.”

“Then why do you still have to ask?” blangko pa rin sa ekspresyong turan nito. Nag-init ang bumbunan ni Trixie sa pagiging pilosopo nito.

*Antipatiko!* “Sino ka ba?” Ang kaninang nakataas na niyang kilay ay mas umarko pa at nadagdagan iyon ng pagkunot ng kanyang noo.

“Kasama n’yo ako nang walong oras sa byahe. Hindi mo nga lang napansin dahil masyado kang abala sa karereklamo.”

“Aba’t...!”

“Pasensya na pero kailangan ko nang pumasok. Baka may kailangan pa akong gawin sa loob.”

Hindi na nagawa pang sumagot ni Trixie dahil agad na itong umalis at pumasok sa kabahayan.

Impit na lamang siyang napatili sa panggigigil doon sa kinatatayuan niya. “Makakabawi din ako sa ‘yong antipatiko ka!” aniya, nagngangalit ang mga bagang habang nakatutok ang mga mata sa pintong pinasukan ng antipatikong binata.





“Rica!” sigaw ni Trixie pagkapasok niya sa kuwarta ng pinsan.

“Ano ba naman, Trixie!” Gulat na napabangon ito sa kinahihigaang kama.

“Bakit hindi mo sinabi sa ‘kin na pinalitan na ninyo nang Ingleserong antipatikong driver si Mang Danny?”

Umikot ang mga mata ni Rica tanda ng pagkayamot. “Gosh, Trix! Iyan lang ang dahilan ng pagsigaw mo’t pagbalibag ng pinto ng kuwarta ko?” di-makapaniwalang tanong nito. Kung maldita siya ay ganoon din ito. Hindi nga lang masyadong halata rito dahil tahimik ito samantalang siya ay matalak.

“If you only knew how that arrogant bastard talked to me earlier, you’d understand why I’m furious right now,” aniya, nanggagalaiti sa galit.

Sumandal ito sa headboard matapos iyong lagyan ng unan saka bumalik sa paglalaro sa hawak nitong cellphone. Lumamig na marahil ang ulo nito. “That’s Bronson,” kaswal nitong sabi.

“Bronson pala ang pangalan ng bastos na kumag na iyon,” nakapamaywang niyang saad habang nakatayo sa gilid ng kama.

“He’s okay,” anito na nagpataas uli ng kilay niya.

“Anong okay?” eksaheradang baling niya rito.

“Okay ba iyong sinabihan niya ako ng maarte? At iyong pamimilosopo niya sa ‘kin?’”

“Maarte ka naman kasi talaga.” Saglit lang siyang sinulyapan ni Rica saka muling ibinalik ang atensyon sa cellphone nito.

Unti-unting nawala ang pagkunot ng noo ni Trixie sa sinabi nito at ilang saglit din muna siyang natahimik. “Well, yes,” pag-amin niya mayamaya. “But not all the time, okay?” agad niyang bawi. “And he doesn’t have the right to treat me like that! To think that I don’t even know him and vice-versa. ‘Tapos ang lakas-lakas ng loob niyang magbitaw ng kung anu-anong salita. Ang pilosopo pa niya!’ Nag-init na naman ang ulo niya nang maalala ang naging sagutan nila ng binata kanina.

“Maybe he just doesn’t like you. Okay naman kami ni Bronson, eh.”

“Well, he also doesn’t have the right to choose the people he’d drive for, dahil trabaho niya iyon.”

“Wrong.”

Naguluhan siya. “What do you mean?”

“Hindi namin siya driver. Anak siya ni Mang Danny. Nag-sub lang siya kasi inatake yata ng arthritis ‘yung matanda,” paliwanag ni Rica na saglit pang tumigil sa paglalaro at tila nahulog sa sandaling

pag-iisip bago muling nagpatuloy sa pagsasalita. “Well, ilang beses na rin siyang nagmaneho para sa ‘min, especially on weekends when he doesn’t have class. Pero hindi naman siya pinapasuwelduhan ni Daddy. So technically, hindi namin siya tauhan.”

Napaisip si Trixie sa sinabi nito, pero ayaw pa ring patalo ng ego niya. “Kahit na. He should have the decency to at least show respect. Kung wala rin lang siyang masabing maganda, ‘wag na lang siyang magsalita!”

“Baka nasobrahan sa kaartehan mo kaya di kinayang manahimik.” Sumilay ang nakakalokong ngiti sa mga labi ni Rica na ikinasingkit ng mga mata niya.

“Rica, will you please tell me, sino nga lang ba ang nakapagtitiis sa ugali mong too hot or too cold?” pagpapamukha niya rito. Tumalab naman iyon.

“Okay, fine!” Itinigil na ng pinsan ang paglalaro at ibinaba ang cellphone sa kama. “Of course you’re my favorite cousin *and* best friend. There’s no doubt about that, okay? Ang akin lang, baka masyado mong pinapalaki ang issue mo kay Bronson kahit di naman dapat. Try to get to know him, tutal mapipilitan ka talagang makasama siya dahil siya ang magmamaneho para sa ‘tin—meaning for

you—dahil nga may sakit ang tatay niya. After a few days, you'll see what I'm trying to tell you, na okay naman siya. Basta huwag mo lang pangunahan ng kasupladahan mo at magiging okay din kayo.”

“Kung hindi naman niya ako kakantiin, hindi rin ako magsusuplada, 'no!” nakalabing turan ni Trixie. Oo at may kaartehan at kasupladahan siya, but she's so much more than that.

“I know. Just let him see your good side, Trix. Magkakasundo rin kayo.”

“Hmph! Ewan,” padabog pa ring angil niya saka pabagsak na nahiga sa kama nito.



Dahan-dahang nagmulat ng mga mata si Trixie, tumihaya sa kamang hinihigaan at nag-inat ng mga braso.

“Ay! Sarap ng tulog.” Sumilay ang ngiti sa kanyang mga labi kapagkuwan. Nakapag-recharge na rin siya mula sa nakakapagod na byahe kanina. Nang tingnan niya ang suot na relo ay mabilis siyang napaupo sa kama.

“Alas tres na pala ng hapon!” Natatarantang bumaba agad siya ng kama at nagmadaling isinuot ang pambahay na tsinelas saka tinungo ang kuwarto ni Rica. Nang makitang sarap na sarap pa ito sa

pagtulog ay pabagsak siyang umupo sa kama at niyugyog ang balikat nito. “Rica, gising!” Ngunit ungol lang ang itinugon nito sa kanya. “Rica, gising na! Alas tres na ng hapon!”

“Ano naman kung alas tres na?” pikit-matang tugon nito.

“Aba! Sayang naman ang hapon, ’no! Mamasyal tayo kung saan maganda tingnan ang sunset. Magpicture ako.”

“Trix naman, antok na antok pa ako. Bukas na lang.” Tinakpan nito ng unan ang ulo pagkaraan.

“Rica naman, eh!” nagpapadyak sa sahig na pagdadabog niya, pero hindi na iyon pansin pa ng pinsang tulog ulit.

Napabuga siya ng hangin sa pagkadismaya. Tumayo siya at malumbay na naglakad palabas ng kuwarto. Nagpasya siyang pumunta na lang sa veranda at doon magpahangin. Puwede na rin sigurong doon na lang niya abangan ang paglubog ng araw dahil nasa bandang tuktok naman ng burol ang kinatitirikan ng bahay ng mga Carines.

Pero natigil si Trixie sa paglalakad nang mapadaan siya sa sala at napalingon sa kanya ang dalawang pares ng mga mata. Nandoon pala ang Tito Rudy niya at ang pilosopong binata. Iikot sana siya

---

pabalik para magkulong na lang sa kuwarto pero tinawag siya ni Tito Rudy.

## CHAPTER *Two*

“*H*ija, gising ka na pala. Si Rica?”  
“Uhm... t-tulog pa po, Tito, eh.” *Kelan ka pa natutong mabulol, Trixie?* asik niya sa sarili. She had always been sure of herself. Kaya lang ay hindi siya mapakali sa isa pang pares ng mga matang malamig na nakatingin sa kanya.

“Ganoon ba? Gusto mo na bang magmerienda?”

“Mamaya na lang po, Tito. Magpapahangin lang po muna ako sa veranda.”

“Sure! Alam mo, magandang pagmasdan ang paglubog ng araw dito.” Dahil sa sinabi nito ay bumalik ang dismaya ni Trixie na hindi pala nakaligtas sa mga mata ng kaharap. “O, ba’t parang bigla ka yatang nalungkot, hija? Did I say something

wrong?”

“Si Rica po kasi Tito, eh, nakakainis,” nakalabing turan niya na ikinangiti nito.

“Bakit naman?”

“Inaya niya po ako rito kasi magugustuhan ko nga raw ang view. Eh, ngayon namang inaaya ko nang mamasyal, ayun at tinulugan lang po ako,” nakaingos niyang pagsusumbong.

Humalakhak si Tito Rudy kaya bumalik dito ang atensyon niya, at sa ginawa ay naabutan niyang nakatitig pa rin pala sa kanya ang pilosopong binata na katabi nito.

Nang salubungin ni Trixie ang mga mata ng binata ay parang balewala lang iyon dito. Blangko ang ekspresyon ng mukha nito. Nailang tuloy siya dahil hindi niya malaman kung ano ang iniisip nito. Mabuti na lang at nagsalita nang muli si Tito Rudy.

“Itong si Rica talaga, oo,” iiling-iling na anito. “Pero huwag kang mag-alala, hija, p’wede ka pa rin namang mamasyal. Sumabay ka na kay Bronson sa pagbaba niya.” Nilingon nito ang katabi. “Hijo, baka p’wedeng isabay mo muna si Trixie at nang makapamasyal siya. Iikot mo na muna siya sandali saka ka umuwi sa inyo. Gamitin n’yo ang sasakyan.”

“U-uhm... Tito, hindi na po.” Umiling-iling



siya. “Bukas na lang po kami mamamasyal ni Rica. Nakakahiya naman po kay...” nilingon niya ang binata at muli ay nasalubong niya ang mga mata nitong titig na titig sa kanya pero blangko sa emosyon, “k-kay Bronson. Uuwi ka na sa inyo, di ba?” Hindi pa man ito nakakasagot ay ibinalik na agad ni Trixie ang tingin sa Tito Rudy niya. “Okay lang po na diyan na muna ako sa veranda ngayong hapon. Huwag n’yo na po akong isipin.” Inilabas niya ang matamis na ngiti para mapapaniwala ito.

“No, hija. For sure Bronson won’t mind having your company, right, hijo?” Binalingan ulit nito ang binata at gayundin ang ginawa niya kaya kitang-kita niya ang pagtugon nito sa matanda kahit nakatingin ito sa kanya.

“Wala pong problema, Sir. Maaga pa naman po. P’wedeng-p’wede pa po kaming mag-ikot saglit.”

“See, hija? Aren’t you excited to use your camera?”

Sa narinig ay saglit na nawala ang atensyon ni Trixie sa binata at saka nagliwanag ang kanyang mga mata sa kasabikan. “Oh, my! I’m just gonna change my clothes real quick. I’ll be back!” Tinakbo na niya ang kuwarto saka mabilis na pinalitan ang suot na ternong pajama set ng isang cotton red t-shirt

at maong shorts. Hinablot niya ang sling bag ng kanyang DSLR saka lumabas na ulit ng silid.

“Wow! That was really quick! Hindi halatang excited na excited ka, hija,” natatawang komento ni Tito Rudy na ginantihan niya ng malapad na pagkakangiti. “Hijo,” baling nito kay Bronson, “ikaw na’ng bahalang magpasyal kay Trixie, okay? Mag-iingat kayo. Pagkahatid mo sa kanya ulit dito, umuwi ka na sa inyo’t magpahinga. Tatawagan na lang kita bukas kung anong oras ang lakad kung meron man, okay?”

“Yes, Sir,” magalang nitong sagot. Makikita sa anyo nito ang labis na respeto sa kausap. Malayong-malayo sa pagiging pilosopo nito kanina nang una silang magtagpo. Umahon tuloy ang inis niya rito nang maalala ang naging sagutan nilang iyon.

“Enjoy, hija!”

“Sure, Tito. Thank you po. Alis na po kami,” paalam ni Trixie saka sinundan na ang binatang nagpatiunang lumabas.

Nang nasa tabi na sila ng sasakyan ay pinagbuksan siya nito ng pinto. Iyon nga lang, ang binuksan nito ay iyong nasa likuran at hindi ang sa front seat. Bahagyang ikinataas ng kilay ni Trixie ang ginawa nito.

Kung ang mga binatang umaali-aligid sa kanya ay pinapangarap ang maihatid man lang siya sa kanila para makatabi siya sa front seat ng mga sasakyan ng mga ito, itong isang ito naman ay masyado yatang immune sa ganda niya kaya sinasayang ang pagkakataong makatabi siya nang malapitan. Nagdulot iyon ng kakaibang pakiramdam sa kanya. Hindi kasi siya sanay na binabalewala ang presensya niya. Hindi niya napaghandaan ang kagaya ng pagtrato ngayon sa kanya ng binatang driver.

“Akala ko ba gusto mong mamasyal?” untag nito sa kanya nang marahil ay matagalan sa pagkilos niya. Tumaas tuloy lalo ang kilay ni Trixie. Heto na naman kasi ang kapilosopohan nito.

“Akala ko ba bukal sa loob mong samahan ako? Eh, bakit parang sobrang allergic mo yata sa ‘kin at diyan mo pa ako papaupuin sa likuran?”

“Tinatrato ko lang po kayo bilang amo,” pormal nitong saad.

“Is that so?” sarkastiko niyang tugon. “Kung talagang gusto mo akong tratuhing amo, ayusin mo ang pakikipag-usap mo sa ‘kin,” she said in a very bossy way while looking straight into his eyes. She then turned to the front seat and opened the door by

herself. “I don’t usually sit at the back,” pahabol pa niyang sabi bago tuluyang sumakay. Hindi na niya nakita ang pagngangalit ng mga bagang ng lalaki.



Naikuyom ni Bronson ang kamao sa tinuran ng dalaga. Hindi lang pala ito maarte, kay taas din ng tingin sa sarili. Alam na alam nito kung paano iparamdam sa kausap nito ang kaibahan ng estado nila sa buhay.

Bago pa man siya mawalan ng pasensya ay tinungo na niya ang driver seat. Nang maisara na niya ang pinto niyon at sinimulan nang imaniobra ang sasakyan ay saka niya napagtantong napuno ng mabangong amoy ni Trixie ang loob ng kotse. Napabuga siya ng hangin dahil sa magkahalong frustration at inis sa sarili.

Kung bakit kasi kay bilis siyang napakalma ng amoy nito. Kung gaano nito kabilis napatid ang pasensya niya ay ganoon din siya nito kabilis napakalma, ni wala pa nga itong ginagawa.

Nang marating nila ang park na binanggit niya ay napilitan siyang kausapin ito.

“Iyan na *po* ang sinasabi kong park.” Sinadya talaga ni Bronson na gamitan ito ng ‘po’. Iyon ang sinabi nito kanina, hindi ba? Na ayusin niya ang

pakikipag-usap dito. Siguro naman ay hindi na maikakatwa ang respeto niya rito sa paggamit niya ng po at opo.

Sa isip ay natatawa si Bronson sa pagiging pilosopo niya sa dalaga. Hindi naman siya ganoon sa iba. Tahimik siya, oo, pero hindi pilosopo. Hindi rin mabilis maubos ang pasensya niya. Kadalasan ay wala siyang pakialam sa paligid niya. He's mostly aloof. Bilang ang salita niya at ang mga pagkakataong nakikihalubilo siya sa mga tao. Sanay siyang mag-isa at nagmumukmok sa isang parte ng lugar na malayo sa kumpulan ng mga tao.

Ganoon pa man, hindi masama ang ugali niya. Maaaring suplado ang tingin ng mga hindi pa nakakakilala sa kanya. Hindi kasi siya palangiti. Siguro ay may kung ano lang talaga sa dalaga na bumuhay sa pagkapilosopo niya.

Tinapunan muna siya nito ng matalim na tingin bago umibis ng sasakyan at nagsimula na ngang kumuha ng pictures doon. Samantala, nasa loob lamang siya ng sasakyan at pinagmamasdan ito. Ilang sandali pa at mukhang nawiwili na ang babae sa ginagawa at ganoon din siya, sa pagmamasid dito. Naglaho lang ang pagkawili ni Bronson nang mapansin ang paglapit ng dalawang binata rito.

Nagdikit ang dalawa niyang kilay nang masipat kung sino ang isa sa mga iyon. Si Jason, anak ng mayor nila sa Caburan, na kilala bilang matinik na playboy. Nagngalit ang kanyang mga bagang sa pagahon ng disgusto sa dibdib. Mabilis siyang bumaba ng sasakyan at agad na tinungo ang kinaroroonan ng dalaga.

“Trixie...” tawag ni Bronson nang makalapit na siya sa mga ito. Agad itong lumingon at ewan niya, pero tila ba may nakita siyang affection sa mga mata nito paglingon sa kanya.

“Tara na? May gusto ka pang puntahan, di ba?” pag-aaya niya saka binalingan ang dalawang binata. “Magandang hapon nga pala sa inyo, Jason.”

“Bronson,” tipid na ganting-bati sa kanya ng binata kasabay ng pagtango. “Kasama ka pala ni Trixie. Hindi ka naman nagsabi na uuwi ka pala at magsasama ng magandang turista dito sa ‘tin. Sana nasalubong namin siya nang maayos,” malawak ang ngiting pahayag ni Jason habang nakatingin kay Trixie na ginantihan naman ng tipid na ngiti ng huli.

“Biglaan kasi. Paano, mauuna na kami.”

“Teka, parang nag-e-enjoy pa si Trixie sa pagkuha ng pictures dito, eh.”

Pinisil ni Bronson ang kanyang tainga para

kalmahin ang nagsisimula nang uminit nang ulo.

“Actually, I think I’ve covered the place already,” pagkuha ni Trixie ng atensyon nila. Napansin marahil nito ang tensyon sa pagitan nila ng anak ng mayor. “Hmm... It was nice meeting you, Jason.”

“The pleasure is mine, Trixie. Sana makapasyal ka rin sa ‘min bago kayo bumalik sa siyudad. Or actually, if you need someone to accompany you in strolling around, I’d be very glad to do that for you. Panigurado hindi ka palaging masasamahan ni Bronson dahil may trabaho pa siya.” Tila wala si Bronson doon kung makipag-usap ito kay Trixie.

Matagal nang alam ni Bronson na presko at hambog ang anak na ito ng mayor, pero ngayon lang niya napagtanto na masarap din pala itong bigwasan.

“Thank you for the offer. I really appreciate it. I’ll see you around then,” paalam dito ni Trixie.

“Aasahan ko iyan, magandang binibini,” pahabol pa ng walanghiya kahit nakatalikod na sila.

Hindi kagaya kanina, sa front seat na pinagbuksan ni Bronson si Trixie ngayon. Tiningnan pa muna siya nito nang ilang saglit na tila ba hindi inasahan ang ginawa niyang iyon saka ito tuluyang sumakay.

“I didn’t expect you to call me by my name, matapos mo ‘kong gamitan ng *po* kanina,” anitong

nakatingin sa harap ng daan nang makasakay na rin ang lalaki.

“Ano ba’ng inaasahan mo?” Hindi rin lumignon si Bronson dito, pero batid niyang pinagmamasdan nila ang isa’t isa sa gilid ng kanilang mga mata.

Nagkibit-balikat ito. “I don’t know. Ma’am, perhaps?”

“Kung tinawag kitang ‘Ma’am’ kanina, hindi ka pakakawalan ni Jason.”

Bahagyang nagdikit ang mga kilay ni Trixie. “I don’t understand what you’re trying to say.”

“Kung nalaman niyang bisita ka ng mga Carines, magpa-power trip iyon. Kaya pinalabas kong kasama kita at kakilala. Kita mo nga’t kahit ganoon, nagawa ka pa rin niyang ayain sa harapan ko pa mismo.”

Kumibot ang mga labi nito. “Paano mo naisip na hindi ko na gustong magtagal pa roon kanina para makipaghalubilo kay Jason?”

Nadiinan ni Bronson ang pagkakahawak sa manibela sa saglit na pagdaan ng inis. “Sabagay, ba’t nga naman hindi mo magugustuhan ang pagbibigay-pansin sa ‘yo ng anak ng mayor? Huwag kang mag-alala, bibigyan kita ng number niya kung gusto mo para maipasyal ka niya gaya ng sabi niya. Naisip ko lang na ayain ka na kanina dahil akala ko gusto



mong kumuha ng pictures ng paglubog ng araw. At pareho nating alam na hindi mo iyon makukuha sa banda roon.”

“Salamat kung ganoon.”

Naguluhan siya sa biglaang pagbabago ng mood ng dalaga kaya hindi na niya pinigilan ang sariling lungunin ito. Sa ginawa ay napalingon din ito sa kanya. Kita sa mga mata nito ang sinseridad ng pagpapasalamat kaya agad na binawi ni Bronson ang tingin dito dahil hindi niya inaasahan ang ganoong pagtugon mula sa babae. Para itong naging ibang tao bigla.

“To be honest, hindi ko rin gustong magtagal sa pakikipag-usap sa kanya. Unang pakilala pa lang niya sa sarili, dinugtungan na agad niya ng *anak ng mayor*. Excuse me for the word, but he sounded cheap to me. Ang dami kong kakilalang anak ng mayaman o may kapangyarihan, pero hindi naman nila ibinabalandra iyon. Hinahayaan nilang ang mga kausap nila ang makakilala sa kanila. And if not, then does it really matter?” Lumingon pa itong muli sa kanya, pero minabuti niyang ideretso na lang ang tingin sa daan.

Tuluyan na ngang nag-iba ang tingin ni Bronson dito. Baka naman mali lang ang unang pagkakakilala

nila sa isa't isa. Baka hindi talaga ito pulos kaartehan lang. Baka kagaya ng sinasabi nito ngayon ay may lalim din ang pagkatao nito.

“Oh my, stop!”

Mabilis na tinapakan ni Bronson ang brake dahil sa pagsigaw na iyon ng katabi. Pagkababa ni Trixie ay agad niya itong sinundan.

“Bakit? Ano'ng nangya—”

“Ang ganda!” Nakatakip ang dalawang kamay sa ilong at bibig nito tanda ng tila labis na pagkamangha sa nakikita.

Tiningnan niya ang sinisipat ng nanlalaki nitong mga mata. Nasa paakyat at paliko silang bahagi ng kalsada. Sa kaliwa niyon ay mataas na stone formation at sa kanan naman ay bangin na nahaharangan ng guardrail kung saan niya itinabi ang sasakyan. At sa unahan ng kalsada kung saan ito nakatingin ay tila nagdikit ang langit at karagatan na parehong asul. Kumikislap-kislap iyon dulot ng araw at nakadagdag iyon sa ganda ng tanawin. Buti na lang at wala masyadong dumaraang sasakyan nang oras na iyon.

Hindi pa rin kumikilos si Trixie na tila ba natulos na ito sa kinatatayuan kaya napangiti na si Bronson. Ilang sandali pa lang silang magkasama, pero ilang

beses na siyang nasosorpresa sa ipinapakita nitong pagkatao.

“Akala ko ba gusto mong kumuha ng pictures?” pukaw niya sa tila lumulutang pa nitong diwa.

“Oh, yeah, I totally forgot!” Tila nagising nga ito sa panaginip, kapagkuwan ay naging maliksi ang mga kamay na kinuha ang camera at nagsimula nang kumuha ng pictures.

Samantala, nakasandal lang si Bronson sa harapan ng sasakyan habang pinapanood ang babae. Mayamaya pa ay sinusubukan yata nitong kunan ang sarili gamit ang DSLR nito. Natawa siya nang mapansing napapasimangot ito pagkatapos i-check ang mga kuha. Pero uulit pa rin ito sa pag-pose pagkaraan. Kapagkuwan ay natagpuan ni Bronson ang mga paang palapit dito.

“Kunan na kita ng picture. Hirap na hirap ka na yata.”

Napalabi si Trixie sa pambubuska niya, pero agad din nitong iniabot ang camera at pagkatapos ay nag-pose.

“Patingin!”

“Mamaya na. Smile!” Nakasampung kuha rin siguro siya sa dalaga bago niya ito pinagbigyang tingnan ang mga kuha niya.

“Ang ganda talaga!” namamangha pa ring turan nito. Samantala, nasisiyahan naman siyang tingnan ang kausap at ang mga reaksyon nito sa simpleng kagandahan ng tanawin.

“Oo nga,” wala sa loob na sagot niya.

Biglang nag-angat ng mukha si Trixie mula sa pagkakayuko sa camera. Dahil doon ay ilang saglit ding nagtagpo ang kanilang mga mata at tila wala sa kanila ang gustong magbawi ng tingin. Nang bumaba ang tingin ni Bronson sa mga labi nito ay tila may humahatak sa kanya na hagkan ang mga iyon.

*Hindi mo siya kauri, Bronson*, bulong sa kanya ng bahaging iyon ng isip niya saka siya tila binuhusan ng malamig na tubig. Kapagkuwan ay ibinaling niya ang mga mata sa likuran ni Trixie kung saan palubog na ang araw.

## CHAPTER *Three*

“Ayan na pala ang pinakahihintay mo, o,” sabi ni Bronson kay Trixie para basagin ang sandaling pagkawala niya sa sarili.

Saglit na dumaan ang panlulumo sa mukha ng babae bago siya nito nilingon. Gusto niyang isipin na nanlumo ito dahil hindi natuloy ang muntikan nang mangyari sa kanila, pero pinaalalahanan ulit niya ang sariling hindi ang kagaya niya ang magugustuhan nito.

Tahimik na pinanood ng dalaga ang paglubog ng araw.

“Hindi mo ba kukunan?” untag ni Bronson sa kasama pero hindi ito sumagot. Sa halip ay kinuha lang nito ang camera at kumuha ng iilang shots saka

muling pinagsawa ang mga mata sa panonood ng tuluyang paglubog ng araw hanggang sa mawala na iyon sa paningin nila.

“Tara na,” biglang aya ni Trixie saka mabilis na naglakad. Hindi na niya ito napagbuksan ng pinto ng sasakyan.

Habang nagmamaneho para ihatid ito pauwi ay tumawag ang kanyang ina. Sinagot iyon ni Bronson gamit ang loudspeaker.

“Nay? Napatawag po kayo?”

“Aba’y handa na ang pagkain sa mesa, pero wala ka pa. Nasaan ka na ba?”

“Mga fifteen to twenty minutes lang po nandiyan na ako.”

“Nasaan ka pa pala? Akala ko’y papunta ka na rito ngayon. Alam mo namang maaga tayong maghapunan dito.”

“Ihahatid ko lang po muna ‘yung pinsan ni Rica, ‘Nay.”

“Ganoon ba? Sige, ipapainit ko na lang ’to mamaya pagdating mo.”

“Kung gusto mo, dumaan na lang muna tayo sa inyo,” biglang sabi ni Trixie na ikinagulat ng binata. Akala niya kasi ay hindi na ito iimik pang muli. “Nakakahiya naman sa nanay mo. Kung hindi dahil

sa ‘kin, kanina ka pa dapat nakauwi sa inyo.”

“Hindi, walang problema. Ihahatid na muna kita. Baka hinihintay ka na rin nina Sir Rudy sa bahay.” Ang totoo ay nahihiya siya na dalhin ito sa kanila. Ano lang ba ang bahay nila sa bahay ng mga ito? At ang pagkain nila sa pagkaing nakasanayan nito?

“Aba’y ba’t di mo ayaing maghapunan sa ‘tin ang bisita n’yo, anak? Nakakahiya naman. Ako’y nakapagsabi nang naihanda ko na ang mesa ‘tapos hindi man lang natin siya aayain?”

“Nay, hinihintay na po siya nina Sir Rudy panigura—”

“Hello, Tito?” Natigil sa pagsasalita si Bronson at saglit na napalingon sa katabi. Hawak na ngayon ni Trixie ang cellphone nito at kausap na yata ang amo niya. Nang masiguro iyon ay napapikit na lang siya nang mariin dahil sa paglukob ng kaba sa kanyang dibdib.

“Thank you, Tito! Uuwi na rin ho agad kami pagkatapos. ‘Bye po.” Nakangiti itong lumingon sa kanya pagkatapos ng tawag saka ang inay naman niya ang kinausap nito. “Ah, hello po, ‘Nay...” Saglit itong tumigil na tila tinatanong sa kanya ang pangalan ng ina niya.

“Virgie,” bulong niya.

“Nay Virgie, okay lang po ba talaga kung makikikain na rin po ako sa inyo?”

“Aba’y oo naman, hija! Bihira kaming magkaroon ng bisita rito. Ikaliligaya kong makakita at makasalamuha ng taga-siyudad naman at puro tiga-rito ang nakakausap ko araw-araw. Ako’y nagsasawa na nang bahagya.”

Napalington si Bronson kay Trixie dahil sa malakas nitong pagtawa kapagkuwan. Masarap iyong pakinggan sa tainga. Delikado talaga ang lagay niya sa babaeng ito. Isang araw pa lang niya itong nakakasama, pero nagagawa na nitong guluhin ang isip at damdamin niya na dati namang nananahimik.

“Sige po, ‘Nay Virgie. See you po!’ malawak ang pagkakangiting paalam nito.

Matapos ang tawag ay nilingon niya ang dalaga. “Pagpasensyahan mo na ang bahay namin. Malayong-malayo iyon sa mala-palasyong laki at ganda ng bahay n’yo.”

“I’m excited to meet your mom who I think is very fun to talk to unlike—” Naputol ang sasabihin ng babae dahil sa saglit niyang paglingon, pero alam niyang siya ang nais nitong paringgan. “I’m not going there to do a house assessment, okay? Besides,



hindi Interior Design ang kinuha kong course,” papilosopong turan nito pero sa nagbibirong tono.

Hindi na namalayan ni Bronson na sumilay pala ang ngiti sa kanyang mga labi. “Baka magkasundo nga kayo ni Inay.”



Magkahalong excitement at kaba ang naramdaman ni Trixie sa gagawing pagpunta sa bahay ni Bronson. Una, nae-excite siyang makilala ang pamilya nito lalo na ang ina nito na tila makakasundo niya kagaya ng sabi ng binata. Pero kinabahan din siya dahil baka hindi siya magustuhan ng mga ito.

*As if he's going to introduce you as his girlfriend, Trixie, buska ng isang bahagi ng isip niya na hindi niya binigyang-pansin.*

Isa pang dahilan ng kaba niya ay ang madaragdag na oras na kasama niya si Bronson. Sa ilang sandaling nakasama niya ito, napansin niyang masyado itong tahimik. Kadalasan din ay kaswal na kaswal ito kaya mahirap basahin ang emosyon sa mukha kung mayroon man. Nagawa na nitong magbiro sa kanya kanina, pero isang beses lang iyon. At noong muntik na silang...

*Ah! Baka nag-iilusyon ka lang, Trixie!*

Naalala kasi niya ang pagkakataong tila ba hahagkan siya nito pero hindi naman itinuloy. At aaminin na niyang kaya siya kinakabahan ngayon ay dahil may na-realize siya sa sarili.

Hindi yata siya aangal kung sakali ngang itinuloy ni Bronson ang paghalik sa kanya kanina. To think that she barely knew him, but she's already losing her control over her feelings for him. She's certainly attracted to this guy. Kahit pa parang bratinella ang tingin nito sa kanya.

“Nay, ‘Tay, nandito na po kami,” bungad ni Bronson sa mga magulang nitong nanonood ng TV sa sala. Agad namang tumayo ang mga ito para salubungin sila.

“Ito na ba ang pinsan ni Rica, anak?” tanong ng ina nitong magiliw na nakatingin sa kanya.

“Opo, ‘Nay,” sagot nito saka siya ipinakilala sa mag-asawa.

“Magandang gabi po sa inyo.” Isa-isang kinuha ni Trixie ang kamay ng mga ito at nagmano.

“Aba’y kaganda na ngang bata, kabait pa. Kaawaan ka ng Diyos, hija,” ani Nanay Virgie.

“Maraming salamat po.”

“Bronson, halina kayo ni Trixie at nang makapaghapunan na tayo. Nagluto ng nilagang baka

ang inay mo,” pag-aaya ni Tatay Danny. Sabay-sabay nilang tinungo ang mesa at doon ay ipinaghatak siya ng upuan ng binata na naghatid ng kilig sa puso niyang ayaw pasuheto.

“Sina Sharmaine at Charina po, ‘Nay?’”

“Nandoon sa kuwarto nila, baka nagbabasa na naman ng pocketbook. Tawagin mo nga, hijo.”

“Sige ho.” Saglit na sinundo ni Bronson ang mga kapatid na kasama na nito pabalik sa mesa ngayon.

“Kuya?” Bago umupo ang sa tingin ni Trixie ay bunso sa dalawang dalaga ay nilingon muna nito si Bronson matapos siyang makita. “Hindi ka naman nagsabi na magdadala ka pala ng girlfriend ngayong gabi. Eh, di sana nakapag-ayos man lang kami ni Ate Sharmaine. Di ba, ‘Te?’” anito na ikinapamula ng magkabilang pisngi ni Trixie lalo na nang magsalubong ang mga mata nila ni Bronson.

“Charina, pinsan siya ng Ate Rica n’yo,” pagtatama rito ng binata saka binalingan siya. “Trixie, mga kapatid ko nga pala, sina Sharmaine at Charina.”

“Hi!” Nginitian niya ang mga ito.

“Ate Trixie, girlfriend ka po ba ni Kuya Bronson?” tanong ni Sharmaine sa kanya.

“Sharmaine!” saway rito ni Bronson sa mababang

bores, pero kita sa mga mata nito ang panggigigil sa kapatid.

“Bakit? Tinatanong ko lang naman kung—”

“Di ba s’abi ko pinsan siya ng Ate Rica n’yo?”

“Kuya, sinabi mo ngang pinsan siya ni Ate Rica, pero hindi mo naman itinama ang sinabi ni Charina na girlfriend mo siya. P’wede namang pinsan siya ni Ate Rica *at* girlfriend mo rin, di ba?”

“Hindi ko siya girlfriend,” ani Bronson sa napakababang tono na tila ba nagtitimpi lang. “Okay na?”

“Sayang. Ang ganda pa naman sana ni Ate—” Si Charina na naman ang sumabat.

“P’wede bang kumain na lang kayong dalawa?” mabilis na sansala nito sa mga kapatid.

Masaya silang kumain ng hapunan. Habang kumakain ay pasulyap-sulyap sa kanya si Bronson na nahuhuli niya dahil ganoon din ang ginagawa niya rito.

“Nay Virgie, ang sarap po ng luto ninyo. Busog na busog po tuloy ako. Maraming salamat po sa pag-imbata sa ‘kin,” ani Trixie nang magpaalam na sila.

“Maraming salamat din sa pagtanggap ng imbitasyon namin, hija. Pasensya ka na sa bahay namin, ha? Ang liit-liit at—”

“Naku! Wala naman pong problema, ‘Nay. Ang saya nga po rito sa inyo, eh.”

“Mas magiging masaya, Ate, kung babalik ka rito bukas. Piyesta kasi sa ‘min. Magluluto nang marami si Inay,” pag-iimbita ni Sharmaine sa kanya.

“Ay, siyanga, hija! Ipapakita ko rin sa ‘yo ang munti kong hardin sa likod-bahay. Gabi na kasi kaya hindi mo na gaanong makikita ang—”

“Nay, may lakad po sila bukas ni Sir Rudy,” putol ni Bronson sa sinasabi ng ina nito na bahagyang ikinainis ni Trixie. Para kasing ayaw na siya nitong pabalikin doon.

“Actually, ako lang naman talaga ang ipapasyal nila. Kaya nga ang s’abi sa ‘yo kanina ni Tito Rudy ay tatawagan ka na lang niya bukas *kung* may lakad man. So, kung may mapapasyalan na ako bukas, hindi na sila mamomroblemang samahan ako,” pagtatama ni Trixie rito saka binalingan sina Nanay Virgie at Sharmaine. “Hindi ko po hihindian ang imbitasyon n’yo bukas, ‘Nay Virgie. Sharmaine, aasahan kong nakapag-ayos na kayo bukas ni Charina pagdating ko.”

“Susubukan po naming pantayan ang ganda mo, Ate Trixie,” sagot ni Charina na humagikgik pa kaya napangiti na rin siya. Umalis na sila ni Bronson.

“Sigurado ka bang wala kayong lakad bukas? Baka paasahin mo lang sina Nanay. Sabik sa bisita ang mga iyon kaya tiyak na malulungkot sila kapag—”

“Pupunta ako bukas, okay? Maliban na lang kung hindi mo ‘ko sunduin papunta sa inyo.”

Hindi na umimik pa ang binata hanggang sa makarating na sila sa bahay ng mga Carines. Hindi na rin hinintay ni Trixie na pagbuksan siya nito. Umunit kasi nang bahagya ang ulo niya rito. Akmang papasok na siya sa bahay, pero napatigil siya nang bigla itong magsalita.

“Anong oras kita susunduin bukas?” Napangiti si Trixie sa narinig, pero pinilit niyang palisin iyon sa mga labi bago muling humarap dito.

“Kahit alas siete ng umaga.” Tila hindi nito inasahang ganoon siya kaagang magpapasundo dahil kita sa mukha nito ang pagkagulat.

“Sigurado ka? Hindi ba masyadong maaga iyan para sa ‘yo?”

“Para sa ‘kin?” kunot-noong balik niya. “Bakit, ano ba sa tingin mo ang normal na oras ng paggising para sa ‘kin?” Sinadya niyang diinan ang huling dalawang salita para iparating dito na hindi niya nagustuhan ang ipinapahiwatig nito.

Huminga ito nang malalim. “Baka lang kasi ma-hassle ka pa—”

“Bronson, sanay akong gumising nang alas cinco ng umaga. Normal lang iyon kahit *para sa kin*,” pagtataray ng babae. Nakakainis kasing isipin na nandoon muli ang misconception nito sa kanya na porque anak-mayaman ay tanghali na kung gumising.

“Sorry,” mababa ang boses na paghingi nito ng tawad habang nakatingin nang deretso sa kanyang mga mata. Ang bilis tuloy nawala ng umahong inis sa puso ni Trixie.

*Nakakainis!* nanggigigil na angil niya sa sarili. Bakit ang dali-dali niyang lumambot sa lalaking ito?

Tumango siya. “Thank you for tonight.” Tuluyan na siyang pumasok ng bahay.



Maagang gumising si Bronson para sunduin si Trixie. Pagkatapos maligo ay naghanap siya ng maisusuot sa kanyang aparador. Namataan niya ang berdeng collared cotton shirt. Nang maisuot iyon ay huminga muna siya nang malalim bago humarap sa salamin. Nang makita ang naging kabuuan ay napangiti na siya.

*Nagpapapogi ka ba para kay Trixie, Bronson?*

biglang tanong ng isang bahagi ng isip niya na nagpapalis ng ngiti niya. Sa napagtantong iyon ay pabagsak niyang naisara ang aparador. Lumabas na siya ng kuwarto kapagkuwan para magpaalam sa mga magulang.

Inihatid siya ng sinakyang pedicab sa bandang mababang parte ng burol na kinatitirikan ng bahay ng mga Carines pagkatapos ay naglakad na lamang siya paakyat doon.

Nang sa wakas ay marating na niya ang bahay ng mga Carines at akmang babawiin na ang maayos na paghinga ay hindi naman niya magawa iyon dahil sa naabutan niyang tanawin sa veranda. Si Trixie...

Prente itong nakaupo roon. Nakatanaw ito sa kalangitan habang may kontentong ngiti sa mga labi. Pagsasawain pa sana ni Bronson ang mga matang pagmasdan ang dalaga, pero agad itong napalingon sa kanya na tila ba naramdaman nitong may nakatingin dito.

Nagtagpo ang kanilang mga mata at muli, tila walang gustong pumutol sa pagtatagpong iyon. Ilang sandali pa at sumilay ang tipid na ngiti sa mga labi nito na gumising sa tila nagliliwaliw na niyang diwa.

Inutusan ni Bronson ang mga binting kumilos para lapitan ito. Magmumukha na kasi siyang tanga



kung magtatagal pa siya roon na nakatayo lang at nakatunghay rito. Wala siyang balak ilibing nang maaga ang kanyang kahihiyang at pride.

“Magandang umaga,” bati niya sa babae nang sa wakas ay makalapit siya rito nang tuluyan.

“Good morning din.”

“Kausapin ko lang muna si Sir Rudy.”

“Hindi natin magagamit ang sasakyan nina Rica ngayon.” Ikinakunot ng noo ni Bronson ang sinabi nito. “S’abi kasi ni Tito Rudy, baka umalis daw sila mamaya. Pupunta yata sila sa isang relative nila rito. Gusto raw bisitahin nina Lolo’t Lola.”

“Kung ganoon, dapat ay umuwi tayo nang maaga para maipagmaneho ko sila.”

“Huwag ka nang mag-alala. S’abi ni Tito Rudy, siya na raw ang magmamaneho tatal ay ikaw ang natokang magpasyal sa ‘kin,” nakangiting pahayag ni Trixie na agad na kumalma sa pag-aalala niya. “Iyon nga lang, wala tayong magagamit na sasakyan,” pagkibit-balikat pa ng babae.

“Okay lang ba iyon sa ‘yo? Maglalakad tayo pababa mula rito, pero pagdating naman natin sa ibaba ay may masasakyan na tayong pedicab.”

“Kesa naman sa sina Lolo’t Lola ang paglakaran natin, di ba?” pagbibiro nito na nagpalitaw ng

---

malawak na ngiti sa kanyang mga labi.

Huli na nang mamalayan ni Bronson na kay lawak na pala ng pagkakangiti niya dahil nakatitig na sa kanya ang dalagang tila hindi makapaniwala sa nakikita nito. Napakamot siya sa batok sa pagkapahiya saka nagyaya nang umalis sila.

## CHAPTER *Four*

**N**ang tinatahak na nila ang daan pababa ay hindi maiwasan ni Bronson na maya't mayang tingnan si Trixie kahit pa sinabi nito ay okay lang ito. Laking-siyudad ito at tiyak na hindi ito sanay sa pagbaba ng burol.

Napahiyaw ito mayamaya nang muntik na itong madapa dahil sa pagkakatapilok. Mabilis naman niya itong naalalayan. Agad niyang nahawakan ang isang kamay nito at baywang.

“S’abi ko naman kasi, humawak ka na lang sa ‘kin. *Ang tigas kasi ng ulo,*” sabi ni Bronson pero pabulong na lang ang huling mga salita niyon.

“Bakit? Dahil hindi ako marunong sa paglusong ng burol? Dahil unica hija ako?” paputol-putol

nitong pagkuwestyon sa kanya habang nanlalaki ang mga mata pati ang butas ng ilong nito. Imbes na mainis ay natawa pa tuloy si Bronson nang bahagya na tila hindi naman nito nagustuhan.

“At talagang pinagtatawanan mo pa ako, ha!” Nanggagalaiti na ito ngayon sa galit. Pinalis ni Trixie ang kamay niyang nakahawak sa isang kamay nito saka mabilis na nagpatuloy sa paglalakad. Naalarna tuloy ang binata. Baka kung mapaano na naman ito.

“Trixie, sandali nga!” tawag niya, pero hindi ito nakikinig sa kanya. Patuloy pa rin ito sa mabilis na paglalakad na tila ba may gustong patunayan sa kanya. “Trixie, ang akin lang, baka mapaano ka. Alam ko namang hindi ka sanay sa ganitong—”

“Bakit nga?” Saglit itong tumigil at nilingon siya.

Sa galit na nakarehistro sa mukha nito ngayon ay hindi magawa ni Bronson na sumagot o kumilos man lang para makalapit dito.

“Dahil unica hija ako? Puwes, let me tell you, mister, hindi lahat ng unica hija ay walang alam sa buhay bukod sa kaartehan, pagsa-shopping sa malls, lakwatsa, at kung anu-ano pang walang kakuwenta-kuwentang bagay. I’m not *just* that. Ibahin mo ‘ko!’ may diin nitong sabi saka nagpatuloy sa mabilis na paglalakad pababa. Saka lang din niya nagawang

ikilos muli ang mga paa para habulin ito. Nang sa wakas ay makaagapay na si Bronson dito ay siya naman ang nagpaliwanag.

“Fine, I’m sorry kung iyon ang naging dating ng sinabi ko sa ‘yo.”

“Dating ng sinabi mo?” Saglit siya nitong tinapunan ng tingin. “O *iyon* talaga ang tingin mo sa ‘kin sa simula pa lang?” pagtatama pa ni Trixie.

Napabuga siya ng hangin. “Alright. Sorry, okay?” Hinawakan niya ito sa isang braso na pilit naman nitong binabawi sa kanya, pero hindi na niya ito hinayaan pang magwalang muli.

“Bitawan mo nga ako!”

“Not until you listen to me,” ani Bronson sa mababang tono na may diin ang pagkakabigkas. Tila kumalma naman ito pagkaraan nang ilang sandali at ginamit niya agad ang pagkakataong iyon para huminging muli ng tawad. “Sorry.”



Isang salita lang mula sa binata kaakibat ang sinseridad na naaninag ni Trixie sa mga mata nito ngayon ay napalis na agad ang kahapon pa naghuhuramentado niyang damdamin dahil sa kababawan ng tingin nito sa kanya.

*Shit! Naloka na, Trixie! Umayos ka nga! paalala*

niya sa sarili na tila ayaw nang makinig sa kanya dahil ayun siya at patuloy lang sa pagtitig sa mga mata nitong humihingi ng tawad sa kanya. “Wala na ba talagang ihahaba iyang *sorry* mo?” sabi na lamang niya pagkaraan.

Pinamulahan ng mukha si Bronson, and she found that too cute. Binitawan na nito ang braso niya at pinisil ang isang tainga nito. Dalawang beses na itong nakita ni Trixie na ginagawa iyon. Kahapon nang tila naiinis ito kay Jason at ngayon na tila napahiya ito sa kanya. Napangiti ang dalaga.

“Halika na nga,” aya na niya kapagkuwan saka nagpatuloy na siya sa pagbaba, pero mabilis siya nitong nahawakang muli sa isang braso.

“P’wede bang humawak ka sa ‘kin habang pababa tayo? O ako ang hahawak sa ‘yo.” Nang tingnan niya ito nang masama ay agad itong nagpaliwanag, “I just want you to be safe, okay? Ako ang pinagkatiwalaan ni Sir Rudy sa ‘yo at ayokong masira ang tiwala nila sa ‘kin kapag umuwi tayong may gasgas ka sa katawan.”

Pinaningkitan niya muna ito ng mga mata bago nagpahinuhod dito. “Fine.”

“Good girl.” Inalalayan na siya ni Bronson sa pamamagitan ng paghawak sa braso niya.

“Teka, sinabi ko bang ikaw ang humawak sa ‘kin?” baling ni Trixie. Mabilis naman nitong binitawan ang braso niya sa pagkapahiya nito.

“Sorry.”

Napatawa tuloy siya nang malakas dahil sa muli nitong paghingi ng paumanhin.

Nakita niyang unti-unting naningkit ang mga mata ni Bronson habang nakatingin sa kanyang hindi pa rin matigil sa pagtawa. Pero sa isang iglap ay napalitan ng malakas na pagtili ang tawang iyon. Bakit hindi? Binuhat lang naman siyang bigla ni Bronson at ngayon ay nagsisimula na itong maglakad pababa.

“Bronson, ibaba mo ‘ko! Ano ba?” protesta niya, pero tila ito bingi dahil patuloy lang sa walang-anumang paglalakad pababa ng burol. Ni hindi nga niya makitaan ng paghihirap ang mukha nito sa pagbubuhat sa kanya. Ilang saglit pa at tahimik na lang siyang nagpabuhat dito habang pinagsasawa ang mga mata niya sa pagtunghay sa guwapo nitong mukha.

“Hindi ka ba nabibigatan sa ‘kin? Aba, kumain yata ako ng kamote kanina bago tayo umalis.”

“Sa susunod, damihan mo pa ang kain mo kung gusto mong mabigatan ako sa ‘yo,” tugon nito. Tuloy

ay hindi na naman niya mapigilang kiligin.

“So bubuhatin mo ulit ako?” Kung alam lang niyang itutuon ni Bronson ang mga mata sa kanya, hindi niya sana masyadong idinilat ang mga mata tanda ng sobrang kasabikan.

*So, kelan ang libing ng pride mo, Trixie?*

“Depende kung gusto mong buhatin kita ulit *kung* may susunod pang pagkakataong ako ulit ang nakatokang ipasyal ka *at* hindi ulit natin magagamit ang sasakyan nina Sir Rudy,” mahabang paliwanag ni Bronson, pero sapat na kay Trixie ang isiping walang problema ritong buhatin siya ulit.

*Hmm... Ano kaya'ng isa-suggest ko kina Tito Rudy bukas para umalis ulit sila at muling gamitin ang sasakyan nila? di pa man ay pagpaplano na niya.*

*Hay, Trixie! Malala ka na talaga. Wala ka nang pag-asa.* Napangisi na lang siya sa mga kalokohang naiisip.

Nang sa wakas ay marating nila ang ibaba ng burol at may kalsada na silang nakita ay hinintay ni Trixie na ibaba na siya ni Bronson. Pero ilang segundo na mula nang makaapak ito sa kalsada ay hindi pa rin siya nito ibinababa. Kahit gustong-gusto pa niyang magpabuhat ay nagsisimula nang magparamdam ang hiya sa kanya. Papaano ay



may iilang tao na roon na nakatingin sa kanila at sa kakatwang ayos nila. Kaya tumikhim na siya at nakuha naman niyon ang atensyon ni Bronson.

“K-kailangan bang buhat-buhat mo pa rin ako pasakay sa pedicab?” nahihiyang sabi niya rito. Tila ito naman ang tinablan ng hiya pagkatapos.

“I’m sorry.” Maingat siyang ibinaba nito.

“Salamat...” nahihiya pa ring tugon niya. Inipit pa niya ang ilang hibla ng buhok sa tainga.

*Ang hinhin, Trix, ha?* buska niya sa sarili dahil sa kakatwang mga ikinikilos niya sa harap nito.

Simpleng tango lang ang itinugon ng lalaki. Pinara nito ang dumaang pedicab at inalalayan na siyang sumakay roon. Umupo sila sa harapan at napapagitnaan siya ng driver ng pedicab at ni Bronson. Dahil doon, napapadikit siya sa binata at di-sinasadyang magkiskis ang mga balat nila sa isa’t isa na naghahatid ng kakaibang pakiramdam sa kanya. She felt uneasy but at the same time, her heart seemed to flutter every time her skin touched his. Ganoon pala ang pakiramdam kapag napapalapit ka nang sobra sa taong gusto mo.

*Hallelujah! Now you’ve just admitted it yourself. Congratulations to your progress, Trixie Marie Castrano!* buska ng bahaging iyon ng utak niya na

nagpataranta sa kaloob-looban niya. Ano na ngayon ang gagawin niya?

“Dito na lang, Manong,” ani Bronson na nagpabalik sa diwa ni Trixie sa kasalukuyan.

Kinuha niya ang wallet mula sa dalang sling bag at akmang kukuha siya ng pera roon.

“Ano’ng ginagawa mo?” Nang mag-angat siya ng tingin kay Bronson ay nakita niyang kunot na kunot ang noo nito at tila ba magbubuga na ng apoy ang mga mata.

“K-kukuha ng pamasaha. Bakit?”

“Tingin mo ba hindi ko kayang bayaran ang pamasaha natin?” tanong nito sa napakababang tono na kariringan ng disgusto sa iginawi niya.

Hindi pa man siya nakakasagot ay mabilis na itong nakababa matapos ibigay ang bayad sa pedicab driver. Sumunod na lamang din si Trixie rito. Binilisan niya ang paglalakad hanggang sa makaagapay siya sa binata bago pa man nito mabuksan ang pinto ng bahay.

“Hey, wait!” ani Trixie nang abutin niya ang braso nitong ang kamay ay nakahawak na sa doorknob. “I didn’t mean to offend you. Kaya lang, ayoko sanang sobrang makaabala pa sa inyo. Hindi mo naman kailangang ipasyal ako at lalong wala

dapat kayong kailangang estimahing bisita kung hindi dahil sa 'kin. Kaya ayoko sanang dagdagan ang pang-aabala at mapagastos ka pa kahit hindi naman na sana dapat.”

Hinarap siya nito nang maayos. “Ang haba na ng ipinaliwanag mo. Simple lang naman dapat ang lahat. Inimbitahan ka ng pamilya ko kaya ka narito ngayon. At ang pamasaha sa pedicab, hindi ko ikapupulubi iyon. So don't you think it would've been better if we just stick to the old rule? Lalaki ang dapat na gumastos, hindi ang babae. Kung ikapupulubi ko na, saka mo na isipin iyang hassle-hassle na sinasabi mo,” mahaba ring litanya nito bago tuluyan nang binuksan ang pinto at pumasok sa loob sa bahay. Hindi na tuloy niya nagawang magpaliwanag pa rito o humingi ulit ng tawad.

*Ang init ng ulo!* reklamo na lamang niya sa loob-loob. Huminga siya nang malalim at napabuntong-hininga.

“Hija!” masiglang bungad sa kanya ni Nanay Virgie. Niyakap siya nito saka hinalikan sa pisngi. “Mabuti't nandito ka na.”

“Magandang umaga po sa inyo, 'Nay Virgie. Hindi po ba ako masyadong napaaga?”

“Ano ka ba, walang problema iyon. Mabuti ngang

nandito ka na habang maaga pa. Alam mo, hija, hindi lang naman kainan ang masaya sa piyesta, eh. Para sa 'kin, mas masaya pa nga ang pagtutulungan ng mga magkakapamilya sa bawat kabahayan para sa paghahanda ng mga pagkain. Kaya tamang-tama lang na nandito ka na. Masasaksihan mo ang sinasabi ko.”

“Parang mas lalo po akong na-excite, ‘Nay!”

“Patunayan mo iyan, Ate Trix! Hetong sandok, o!” tawag ni Sharmaine sa kanya na nakasilip ngayon sa sala mula sa kusina at may hawak ngang sandok.

“Hoy, Sharmaine! Huwag mong ipapasa sa iba ang nakatokang trabaho sa ‘yo. ’Tong bata ’to, oo,” iiling-iling na saway rito ni Nanay Virgie na ikinatawa ni Trixie.

“Okay lang po sa ‘kin iyon, ‘Nay Virgie. Maliban na lang kung may iba po kayong itotokang trabaho sa ‘kin?” nasasabik niyang tanong dito.

Bihira kasing mangyari ang ganito sa bahay nila. Kompleto sila sa kasambahay at masyadong abala sa negosyo ang mga magulang niya. Mabibilang lang sa daliri ang mga pagkakataong nagkakasama sila ng mommy niya sa kusina at tinuturuan siya nitong magluto. Ganoon pa man, hindi niya ikinasasama ng loob iyon. Naintindihan niya ang sitwasyon ng

mga magulang niya.

Maagang namulat ang mga mata ni Trixie sa kasipagan ng mga magulang, kaya naman maaga rin siyang natuto sa pagpapahalaga ng pera.

Sa katunayan, plano niyang magsimula sa mababang posisyon sa kompanya nila kapag nakapagtapos na siya ng pag-aaral. Pagkatapos ay gagayahin niya ang mga magulang. Ibibigay rin niya ang lahat ng makakaya hanggang sa mapaunlad pa niyang lalo ang sarili. Aabutin niya ang mga pangarap gamit ang mga natutunan sa mga ito.

“Ang unang ipagagawa ko sa ‘yo, habang hindi pa masakit sa balat ang init ng araw, ay ang bisitahin ang munti kong hardin sa likod-bahay.”

“Oo nga po pala! Halina po kayo’t ipakita n’yo na sa ‘kin ang hardin n’yo, ‘Nay Virgie!’”

“Ay, teka, hindi ako ang magdadala sa ‘yo roon, anak. Nasaan na ba si Bronson?” Nagpalinga-linga ito sa paligid.

“Eh, kayo na lang po, ‘Nay Virgie,’ pakiusap niya. Maalala pa lang niya ang mainit na ulo ng binata ay kinakabahan na siya.

“Hija, gustuhin ko man pero hindi maaari. Masusunog iyong niluluto ko. Ay, teka, iyong niluluto ko nga pala!” Mabilis itong kumilos at

tinungo ang likurang bahagi ng kusina. Sumunod na rin si Trixie rito. Doon nila natagpuan si Bronson na kasalukuyang tinitikman ang kung anumang nasa malaking kaserolang nakasalang sa kalan.

“Nandito ka lang pala, hijo. Ba’t di mo samahan si Trixie sa likod-bahay at nang makita niya ang munti kong hardin?”

“Nay, kayo na lang po. Ako na’ng magtutuloy nitong niluluto n’yong bulalo,” anito, ni hindi man lang lumilingon sa kanila. Nainis tuloy ang dalaga.

“Nay Virgie, ituro n’yo na lang po sa ‘kin ang daan papunta roon at ako na po ang pupunta. Nakakahiya naman po sa anak ninyo,” sarkastikong saad ni Trixie, pero napakatamis naman ng ngiting nasa mga labi para hindi mapansin ng ginang na naiinis siya sa anak nito.

“Bronson, tumabi ka nga riyan at samahan mo itong si Trixie sa likod-bahay.” May pinalidad na ngayon ang boses ng ginang at tila epektibo naman iyon dahil ibinaba ni Bronson ang hawak nitong sandok saka humarap na sa kanila. Sandaling-sandali lang nagtama ang kanilang mga mata dahil agad itong humakbang palayo at ni hindi man lang siya inimik.

*Kainis!*

“Hija, ano’ng problema ng isang iyon at aburido yata?” untag ni Nanay Virgie sa kanya.

Napalabi si Trixie. “May buwanang dalaw po yata. Sige po, susundan ko na’t baka lumala pa ang sintomas ng isang iyon.” Iniwan niya itong humahalakhak dahil sa kung anu-anong pinagsasabi niya.

Nang lumabas siya sa pintong binuksan ni Bronson ay bumungad sa kanya ang munti nga ngunit napakakulay na hardin ni Nanay Virgie. Nawala tuloy sa isipan niya ang pagmamaktol ng binatang katabi.

Iginala ni Trixie ang nangingislap na mga mata sa paligid. Napapalibutan ang lugar ng iba’t ibang uri ng halaman, pero ang talagang nakakuha ng kanyang atensyon ay ang parteng mayroong maliit na pasilungan na may pahabang upuan. Ang bubungan niyon ay ang nakahilerang mahahabang kahoy na tiglilimang pulgada ang pagitan sa isa’t isa kung kaya maaari pa ring sumungaw roon ang init ng araw. At ang bougainvillea na umabot at kumalat na sa itaas ng bubungan naman ang nagsilbing pantakip niyon.

Samantala, ang nagsilbing division ng lot property ng mga ito ay natatakpan ng creeping fig o kilalang pili sa Pilipinas. Ang buong lupa naman

ay natatakpan ng bermuda grass. Sa kabuuan ay luntiang-luntian ang paligid, at naging makulay iyon dahil sa iba't ibang uri ng halamang naroon.

Mayroong lantana na pink, yellow, orange, at violet ang maliliit na bulaklak. Mayroon ding san francisco na nakapuwesto sa bawat sulok ng hardin. Naroon din ang calachuchi, gumamela, at corona de espina na nasa ilang piraso ng paso.

“Ang ganda!” namamanghang saad ni Trixie at tila wala sa sariling inabot ang dalang DSLR camera. Una niyang kinunan ng larawan ang pasilungan. Pagkatapos ay paisa-isa niyang kinunan ang mga halamang naroon hanggang sa makunan na niya ng larawan ang buong paligid.